REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 93-77

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG MASIDHING KONDENASYON SA HINDI MAKATUWIRAN AT WALANG PAKUNDANGANG PAGPUTOL NG MANILA ELECTRIC COMPANY (MERALCO) NG ELEKTRISIDAD SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

************************************************************

SAPAGKAT, ang elektrisidad ay isang kontroladong puwersa na lubhang kailangan sa alinmang hakbangin lalong higit sa paglilingkurang bayan;

SAPAGKAT, ang Manila Electric Company (Meralco) ay may pagkakautang sa Pamahalaang Bayan ng halagang higit sa TATLUMPU'T ANIM NA MILYONG PISO mula sa di nababayarang buwis mula pa noong 1978;

SAPAGKAT, bagama't nagbigay ang Meralco ng paunawa ukol sa hindi pagbabayad ng kuryente ng Pamahalaang Bayan na hindi naman isinasantabi nito, wala pang kakayahang pinansyal ang lokal na pamahalaan upang mabayaran ang pagkakautang sa elektrisidad at malulunasan sana ang pagkakautang na ito kung mabayaran ng MERALCO ang kanilang obligasyon;

SAPAGKAT, anumang obligasyon ng pamahalaang bayan sa nabanggit na kompanya ay nararapat lamang isaalang-alang ng establisimento ang kung ilang taon na ring pagbibigay ng lokal na gobyerno;

SAPAGKAT, ang di makatuwirang pagputol ng daloy ng kuryente ay pagpapakita lamang ng Meralco ng kawalan ng sensitibidad sa maaaring magiging dulot nito sa pagkabalam ng pangunahing serbisyo sa mga mamamayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

SEKSYON 1. Ang masidhing pagkondena sa di makatuwiran at walang pakundangang pagputol ng daloy ng elektrisidad sa gusali ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

SEKSYON 2. Ang pagbibigay ng pahintulot sa Punongbayan na gawin lahat ang nararapat laban sa maling hakbanging ito ng Meralco.

SEKSYON 3. Ang pagbibigay ng sipi ng kapasiyahang ito sa nararapat na ahensya ng pamahalaan.

PINAGPASIYAHAN ng lahat ng kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang natatanging pulong na ginanap noong ika-05 ng Agosto, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. ROGER C. SMITH
Pansamantalang Pangulong Opisyal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Panggulo, Samahan ng mga
Punongbarangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR
Kinatawan ng Sektor
Panggulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan